Transcript of interview with Senator Chiz Escudero

April 17, 2008

On Pagcor's tax liability hearing...

Ang objective ng committee on ways and means unwritten na pinagkasunduan namin na maghahanap kami ng pondo na pedeng pagkunan ng revenue ng gobyerno to the tune of P100 billion para maipakita at majustify yung hindi naming pagpayag na taasan ang buwis, isa ito sa pagkukunan ng pondo. To cite an example, if we exempt minimum wage earners from withholding or income tax government stands to lose approximately P5 billion per year, yung makukuha nating revenue mula sa Pagcor at operators ng casino o licensees ng Pagcor na-compute na naming, nasa gitna ng P4 to P6 billion ang utang nila. Ibig sabihin non yung isang taon na mawawala sa from minimum kaya nang kunin mula sa isang tax payer pa lamang. Bilang patunay na hindi lamang puro exemption ang ginagawa naming we're trying to raise revenues from the government as well, from existing and prevailing laws not new tax laws. Ano ngayon itong isyu sa Pagcor? Ang isyu sa Pagcor, Pagcor lang ang may franchise magpasugal sa Pilipinas, walang iba. Yung mga licensee ng Pagcor na pribadong individual are operating because of the franchise of Pagcor. Under the law Pagcor has a five-percent franchise tax on gross revenues. Ang problema halimbawa sa Fontana, ang ginawa ng Pagcor from the gross gaining revenue of Fontana 10 percent daw ang share ng Pagcor, from the 10 percent share, (correction) 10 percent lang ang paghahatian ng gobyerno at ng Fontana, ang ang share ng Pagcor doon sa 10 percent ay 10 percent lang din, in other words, Pagcor's income from Fontana is only one percent of gross, doon ngayon inaapply yung five percent franchise tax, nasaan at nawawala yung five percent on the 99 percent gross revenue ng Fontana, yun yung hinahabol at sinisingil naming, mula man sa Fontana o mula man sa Pagcor. Yung yung apat hanggang anim na bilyong hinahanap naming mula pa noong 1998, sang-ayon sa pinasukang kontrata ng Pagcor at ng Fontana.

Yung 4 bilyon mula pa noong 1998?

Yes. By way of franchise tax pa lang yon, ngayon ang posisyon ng BIR nang pinsa yung RA 9337 o standard VAT hindi na franchise tax yung Pagcor, value added tax na at corporate income tax. Kaya lang pending sa Supreme Court yun dahil kinuwestiyon ng Pagcor, yun yung binaggit ko bago magtapos yung hearing. Ano ba naman yan dahil pare-pareho silang gobyerno nagdedemandahan sila. Kung utusan naman ng Pangulo ang Pagcor susunod yon, kung utusan ng Pangulo ang BIR susunod yun, bakit kailangan pang padaanin sa korte at mag-aaway-away tayo yung pera naman mula sa bulsa ng pamahalaan pupunta sa sa kabilang bulsa lang, ba't ba pinagdadamot pa sa atin ng Pagcor yun eh dapat lang naman napupunta sa serbisyo publiko yon at sa coffers ng gobyerno. Hindi ko maintindihan kung bakit nagkakagulo tayo tayo mismo sa gobyerno o kami kami mismo sa gobyerno.

Yung Fontana lang ba ang may licensee from Pagcor?

Apat lang ang licensee ng Pagcor, lahat ng casino Pagcor na mismo ang may-ari at nag-ooperate, apat lamang ang licensee nila at doon sa apat na licensees iba't-iba pa yung porsiyento na kinukuha ng Pagcor na nalilito din kami. Bakit may five percent, bakit may one percent, bakit may 15, bakit may 25 percent, sang-ayon sa Pagcor nirereview daw nila yun,pero pitong taon nang nakaupo itong administrasyong ito gaano ba katagal nilang irereview yan bago nila mapagtugma-tugma at mapagpareho yan para maklaro natin yung tax liability ng mga licensees at ng Pagcor din.

Doon sa resolution nyo gusto nyong malaman kung magkano yung utang nila, ng Pagcor, alam nyo na ba kung magkano?

Ang declared na income ng Pagcor is P24 billion for example for 2006, wala pa yung sa 2007, pero yung dinideclare nilang basis sa pagcompute ng franchise tax at ng government share ay P19 bilyon lang kasi nga may hindi silang sinasamang revenue, yun yung portion na kinukuwestyon namin, bakit mayroon kayong revenue na hindi sinasama sa pagcompute ng franchise tax samantalang ayon

sa batas five percent of gross ang kanilang liability. Pangalawa hindi nila sinasama sa revenue nila yung share nila dapat mula sa revenue ng licensee na gross din dapat at hindi 10 percent lang, ayon sa kanila punasukan ito ng nakaraang administrasyon noong ang Pagcor chair pa ay si Alice Reyes. Nandoon na ako pero bakit hindi pa rin nila winawasto yung computation bagaman ginawa yon ng nakaraang administrasyon pa.

It's not only a question of transparency, in fairness they have been cooperating in submitting to us the documents, it's a question of correct interpretation of the law favoring the government and not favoring if at all the licensees. Ang pinag-uusapan natin ditto sugal, it must always be resolved against gambling, so kung ang pag-uusapan mo ay liability ng gaming operation, it should always be resolved in favor of the national government, not in favor of the entity engaged in gambling.

Not even a gov't corporation?
Not even because there is a policy of the government, kaya nga iisa lang yung may prangkisa, Pagcor lang, dahil gambling is in general (inaudible). In fact in the long term an gang dapat nating pag-aralan baguhin na ang prangkisa ng Pagcor, dapat ang Pagcor nagreregulate na lamang, hindi na nag-ooperate, there has been a conflict of interest, nag-ooperate na sila, nireregulate pa nila yung sarili nila, dapat regulator na lamang sila, hindi operator, pangit din naman kasing tingnan at pakinggan gobyerno na mismo ang nagpapasugal sa sariling bansa.

The output of the hearing?
The output of the hearing will be with respect to an opinion raised by the committee ordering and if at all commanding the BIR and COA to do their job in computing the correct liability and share of the national government from Pagcor's earnings at kung gagawin nila yan o hindi nasa sa kanila nay an, pero pagkumatok sila sa pintuan ng Senate ways and means committee para sa dagdag na buwis, kapagka hindi nila ginawa ito palagi lang naming ibabasura dahil may pagkukunan pa naman ng pondo ba't kailangan pang taasan ang buwis.

Considering na may existing legislated tax amnesty pede bang i-avail ng Pagcor yun?
Tapos na, nag-lapse na, in-extend nila malamng kikiwuestyonin yon sa korte pero tinanong ko yun kanina nag-apply ba sil, hindi, at sa tototo lang nakakahiya naman kung mag-aaply ang Pagcor ng tax amnesty para na rin nilang inamin na tama kami at mali sila at para na ring nakinabang ang gobyerno mismo na makalusot sa pagbayan ng tamang liability laban din sa gobyerno, napakasama din naman yatang tingnan yon. At maski na sila napangiti nang tinanong ko kung nag-aaply sila ng amnesty dahil nakakahiya naman talaga sila kung mag-aapply sila ng amnesty.

Tax amnesty to be questioned in court?
Pede, actually, I voted against amnesty dahil hindi ako sang-ayon doon, in fact ang best proof non yun kokonting nalikom ng gobyerno mula sa amnesty, at napakalaki nang nawala doon sa mga nag-apply, we're talking of only five or three percent if I'm not mistaken, five, five percent of total liability eh kung hinabol na lamang sana ng gobyerno yon, may 95 percent ka pang nakita, maliban kaya kami bomoto laban sa manesty noon nasa original House version na absuwelto ka kahit na sa anti-graft case pagnag-apply ka sa amnesty, mali naman ata yon buti na lang hindi nakalusot sa senado yon at hindi naman exempt sa graft case yung mga mag-aapply dahil kung ganoon sino man ang magnanakaw na opisyal ng gobyerno pedeng mag-apply ng amnesty mababang buwis na nga ang babayaran niya hindi pa siya pedeng kasuhan. Buti na lang hindi nakalusot yon.

Opisyal ng Fontana nasa Europe?
Yung mga opisyal ng Fontana yun yung binigay nailing rason sa amin, isa sigurong isang dahilan yon, ayon sa presidente ng Fontana beneficial owner itong si Jack Lam, ayon sa abogado niya wala siyang kinalaman sa Fontana, mahirap naman sigurong aminin tanggapin at lunukin yon, gagawa kami ng karampatang liham sa abogadong ni Ginoong Lam para alamin ang rason at ipaliwanag din

nang lubusan ang kanyang binanggit dahil nagsalita na under oath ang presidente ng Fontana siya ang isa sa mga beneficial owners nito, nagsalita na rin ang Pagcor na ang kausap nila kaugnay ng Fontana ay si Ginoong Lam, paano ngayon sasabihin ng abogado niya na wala siyang kinalaman, kaugnayan o pakialam pagdating sa kumpanya o sa operasyong ito ng casino sa Clark.

Taiwanese ba sila?
I honestly don't.

Yung tatlong pang franchise, mayroong discrepancy doon sa revenue sharing..

Bago pa lamang kasi yung tatlo wala pang isang taon yung n a-grant na franchise at license doon sa tatlo so yung tax liability nila hindi pa pumapasok yung taxable year pero based on the documents submitted to us kung one percent of gross lang ang pumapasok sa Pagcor sa Fontana, sa iba at five, 15 at 25 (percent), respectively, so bakit iba iba, ang pinapaliwanag natin kung bakit may tila may pinapaboran tayo at may inaapi tayo.

Ko-consolidate muna naming lahat, we need some time to do it, probably by June or July we will consolidate everything and will have a draft committee report for their comments before we finally approve it.